

## TANONG NG ESTADO NUM. 7

Pagamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada*

Petisyon sa Inisyatibo C-02-2023

Dapat bang amyendahan ang *Konstitusyon ng Nevada* upang hilingin sa mga botante na magpakita ng mayroong larawan ng pagkakakilanlan upang mapatunayan ang kanilang pagkakakilanlan kapag bumoboto nang personal o magbigay ng ilang personal na impormasyon upang mapatunayan ang kanilang pagkakakilanlan kapag bumoto sa pamamagitan ng koreong balota?

Oo .....

Hindi .....

### PALIWANAG & SUMARYO

**PALIWANAG—** Ang inisyatibong ito, kung maisabatas, ay nagbabago sa Artikulo 2 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang lumikha ng isang kinakailangan para sa mga botante na magbigay ng pagkakakilanlan bago sila tumanggap ng balota.

Ang mga botante na bumoto nang personal sa isang lugar ng botohan ay kailangang magpakita ng ID na napapanahon o hindi pa lumipas nang higit sa apat na taon. Kung ang isang botante ay higit sa 70 taong gulang, ang pagkakakilanlan ay maaaring lumipas sa anumang haba ng panahon hangga't ito ay mayroong bisa.

Ang katanggap-tanggap na mga anyo ng pagkakakilanlan ay kinabibilangan ng:

1. Lisensya sa pagmamaneho ng Nevada.
2. Kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng Estado ng Nevada, anumang iba pang Estado, o ng pamahalaan ng U.S.
3. Kard na mayroong larawan ng pagkakakilanlan ng empleyado na inisyu ng pamahalaan ng U.S., pamahalaan ng Nevada, o anumang lalawigan, munisipalidad, lupon, awtoridad, o iba pang entidad ng pamahalaan ng Nevada.
4. Pasaporte ng U.S.
5. Kard ng pagkakakilanlan ng militar sa U.S.
6. Kard na mayroong larawan ng pagkakakilanlan ng estudyante na inisyu ng isang pampublikong kolehiyo, unibersidad, o teknikal na paaralan sa Nevada.
7. Mayroong larawan ng pagkakakilanlan ng tribo.
8. Pahintulot sa nakatagong baril sa Nevada.
9. Iba pang uri ng mayroong larawan ng pagkakakilanlan na inilabas ng pamahalaan na maaaring aprubahan ng Lehislatura.

Ang mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreong balota ay kailangang isama ang ilang impormasyon upang magamit ito ng mga opisyal ng halalan upang pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng botante. Kasama sa impormasyong iyon ang:

1. Ang huling apat na numero sa numero ng kanilang lisensya sa pagmamaneho sa Nevada.

2. Kung ang botante ay hindi nagtataglay ng lisensya sa pagmamaneho sa Nevada, ang huling apat na numero ng kanilang Social Security.
3. Kung ang botante ay walang lisensya sa pagmamaneho sa Nevada o numero ng Social Security, ang numerong ibinigay ng klerk ng lalawigan kapag ang botante ay nagparehistro upang bumoto.

**Ang isang “Oo” na boto ay mag-aamyenda sa Artikulo 2 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang hilingin sa mga personal na botante ng Nevada na maglahad partikular na pagkakakilanlan at ang mga koreong baloto na botante ay magbigay ng partikular na impormasyon upang makapagboto ng legal na balota.**

**Ang isang “Hindi” na boto ay panatilihin ang *Konstitusyon ng Nevada* sa kasalukuyang anyo nito.**

**SUMARYO**— Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga botante ng Nevada ay dapat lamang magpakita ng pagkakakilanlan sa ilang sitwasyon. Ang mga sitwasyong ito ay bihira at mayroong kaugnayan sa pamamaraan at pagsasaayos ng oras kung paano sila magparehistro upang bumoto.

Sa kasalukuyan tanging ang mga botante na nagpaparehistro upang bumoto sa pamamagitan ng koreo o computer, o paunang nagparehistro upang bumoto sa pamamagitan ng koreo o computer, at hindi pa bumoto dati sa isang halalan para sa tanggapang pederal ng Nevada ay dapat magbigay ng pagkakakilanlan. Dagdag pa, ang batas ng estado ay nangangailangan ng mga botante na magparehistro upang bumoto online nang wala pang 14 na araw bago ang isang halalan ay dapat ding bumoto nang personal at magpakita ng pagkakakilanlan at patunay ng paninirahan.

Kung maaprubahan sa pamamagitan ng boto ng mga botante sa panahon ng 2024 pangkalahatang halalan ay mapupunta ito sa 2026 pangkalahatang halalan na balota para sa karagdagang pag apruba. Kung maaprubahan doon, ang Lehislatura ng Nevada ay maaaring lumikha ng mga kaugnay na batas sa pamamagitan ng pagsasabatas sa panahon ng sesyon ng lehislatura 2027 at ang mga pagbabagong ito ay magkakabisa para sa 2028 na cycle ng halalan.

### **ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS**

Ang mga depekto sa mga batas sa pagpaparehistro at pagboto ng bansa ay nakikita bilang paglikha ng kakulangan ng tiwala sa mga kinalabasan ng halalan. Maraming tao ang nawalan ng tiwala sa kung paano pinatatakbo ang halalan.

Ang mga alalahanin tungkol sa mga pagkakamali sa pagboto ay tumataas bilang resulta ng bagong teknolohiya sa pagboto. Ang takot na magkaroon ng pandaraya ay tumaas bilang resulta ng mas maraming koreong balota. Maraming estado ang nagpatupad ng mga batas sa pagboto na sinuri ng isang pambansang bipartisan na komite. Ang paghingi ng ID ng mga botante ay isa sa kanilang mga mungkahi sa kanilang ulat.<sup>1</sup>

Ang pag uutos sa mga botante na magpakita ng mayroong larawang ID bago bumoto ay isang makatwirang at epektibong hakbang upang makatulong na gawing mas ligtas ang ating halalan at upang mabigyan ng higit na tiwala ang mga tao sa mga resulta.

Sa Nevada, maraming tao ang sumusuporta sa ideyang ito. Ang isang kamakailang poll ay nagpapakita na 74% ng mga taga-Nevada ang sumosoporta dito. Kabilang dito ang 68% na mga Independiyente, at 62% ng mga Demokratiko.<sup>2</sup>

Noong 2024, 36 na estado ang mayroong mga batas na nangangailangan ng mayroong larawang ID para sa pagboto. Walang mga pangunahing reklamo sa mga estadong ito, at, taliwas sa sinabi sa mga tao na mangyayari, hindi bumababa ang turnout.<sup>3</sup>

Ang ilan ay nagtatalo na ang pangangailangan ng mayroong larawang ID ay hindi makatarungang makakaapekto sa mga minoritya. Sabi nila, maraming minoritya at mga taong mababa ang kita ang walang mayroong larawang ID. Hindi

ito totoo, dahil kailangan ng mga tao ng mayroong larawang ID para makapag apply ng trabaho, mag-cash ng tseke, gumamit ng credit card, mag apply ng loan, magpatingin sa doktor, kumuha ng reseta, mag apply sa kolehiyo, bumili ng alak o tabako, sumakay ng eroplano, mag-check in sa hotel, at bumoto sa ilang halalan sa unyon.

Ang batas ng Nevada ay nag uutos sa mga hindi nagpaparehistro nang personal na magpakita ng pagkakakilanlan at address sa unang pagkakataong bumoto sila. Hindi naman kailangang mayroong larawang ID ito. Maaari itong maging utility bill o ilang iba pang opisyal na dokumento na nagpapakita lamang ng kanilang pangalan at address. Gayundin, ito ay sa unang pagkakataon lamang na bumoto sila. Pagkatapos nun, wala nang kinakailangang magpakita ng ID kapag bumoto.<sup>4</sup>

Sabi naman ng iba, bihira ang pandaraya sa botante. Gayunpaman, ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay isang lumalaking problema. Sa pagsasara ng halalan ay makikita rin ang pangangailangan na maging legal ang bawat boto. Halimbawa, ang isang karera noong 2002 sa Nevada ay natapos sa isang tabla. Sinabi ni dating U.S. na Abugado na si Jennifer Arbritier Williams, “Kung kahit isang boto ay ilegal na nailagay... ito ay nagpapabawas ng pananampalataya sa proseso.”<sup>5</sup>

Ang paghiling ng mayroong larawang ID ay walang epekto sa kapaligiran, kalusugan ng publiko, kaligtasan, o kapakanan.

Ang kinakailangang mayroong larawang ID ay makakatulong sa mga tao na magtiwala sa ating Sistema ng halalan at siguraduhin na ang bawat boto ay mayroong bisa. Bumoto ng “00” sa Tanong 7.

<sup>1</sup>*Building Confidence in U.S. Elections: Report of the Commission on Federal Election Reform*, American University Center for Democracy and Election management, Washington DC, 2005, pp 9-20.

<sup>2</sup>[Poll: Plurality of Nevada voters approve of Lombardo, majority support voter ID - The Nevada Independent](#)

<sup>3</sup>[Requiring Photo ID Has Little Effect on Voter Turnout, MU Study Finds | MU News Bureau \(missouri.edu\)](#)

<sup>4</sup>Nevada Revised Statutes 293.272, 293.2725

<sup>5</sup>[Eastern District of Pennsylvania | Former U.S. Congressman and Philadelphia Political Operative Pleads Guilty to Election Fraud Charges | United States Department of Justice](#)

*Ang nabanggit sa itaas na argumento ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa isinaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: David Gibbs (Tagapangulo), Chuck Muth, at David O'Mara. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa [www.nvsos.gov](http://www.nvsos.gov).*

## **SAGOT SA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS**

Ang mga taong sumusuporta sa Tanong 7 ay maraming nagsasalita ng tungkol sa takot at kawalan ng tiwala. Ilang taon na silang nagpipigil sa atin na pagdudahan ang ating sistema ng halalan. Ngunit hindi nila maipakita sa amin kahit isang beses kung kailan ang ID ng botante ay talagang makapagsisigurado ng ligtas na mga halalan sa Nevada.

Hindi nila sinasabi sa iyo kung ano ang masasamang bagay ang ititigil ng ID ng botante dahil wala pang nangyayari. Hindi nila binabanggit na ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay hindi kailanman nagpabago sa anumang halalan dito. Hindi nila sinasabi kung ilang taga-Nevada—mga taong katulad mo at ako—ang walang ID na kinakailangan ng tanong 7. Hindi rin nila ipinapaliwanag kung paano nakakatulong ang tanong 7 sa mga tao na makuha ang mga ID na iyon. Hindi ito.

Sinasabi lang nila na ang mga ibang estado ay mayroong ID ng botante at gusto ito ng mga tao roon. Pero tandaan, hindi lahat ng tao ay gumagawa ng mga bagay tulad ng pagkaka-cash ng tseke, pagpasok sa kolehiyo, o paglipad sa eroplano. Hindi ito tulad ng pagboto. Ang pagboto ay isang karapatan nating lahat na pumili ng ating mga pinuno. Hindi natin dapat pigilan ang sinumang maaring bumoto na pagboto.

Pag-isipan ito: mas malamang na matamaan ka ng bulalakaw kaysa sa makahanap ng isang taong nanloloko sa pamamagitan ng pagpapanggap na iba kapag bumoto sila. Ang tanong 7 ay isang hakbang pabalik para sa ating demokrasya.

*Ang nasabing pagtutol sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang tutol sa tanong na ito ayon sa isinaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Jennifer Fleischmann Willoughby (Tagapangulo), Daniel Bravo, at Jessica Rodriguez. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa [www.nvsos.gov](http://www.nvsos.gov).*

## **ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS**

Pagdating sa karapatan sa pagboto, hindi dapat tayo nag iiwan ng kahit sinuman. Ang mga kinakailangan sa ID sa Tanong 7 ay nangangahulugang mas kaunting mga karapat dapat na tao ang makakaboto, habang ang bagong batas ay walang magagawa upang maiwasan ang pandaraya sa botante.

Sinasabi ng mga tagasuporta ng panukala na gusto nila ng higit na tiwala sa halalan, ngunit hindi nila sinasabi sa iyo na ang pagpapanggap ng ibang tao sa mga botohan ay hindi kailanman nangyayari. Nalaman ng isang pag-aaral na mula sa mahigit isang bilyong boto, 31 beses itong nangyari—zero ang istatistika.<sup>1</sup> Mas malaki ang tsansa na matamaan ng kidlat.<sup>2</sup> Ang tanong 7 ay labis na nagrereact sa isang problema na hindi naman talaga umiiral.

At malaki ang panganib ng tanong 7. Hindi nito tinitiyak na ang mga taga-Nevada ay mayroong mga uri ng ID na hinihingi ng batas, mga ID na nagkakahalaga ng pera at nangangailangan ng panahon upang makuha. Ang mga botante na nakatira sa mga pamayanang panlalawigan o tribal na komunidad ay kailangang maglakbay ng malalayong distansya patungo sa DMV upang makatanggap ng ID. Sa katunayan, halos 21% ng lahat ng mga Amerikano na mayroong edad na bumoto ay walang wastong lisensya sa pagmamaneho kasama ang kanilang kasalukuyang pangalan at address.<sup>3</sup> Sa mga tuntunin ng populasyon ng Nevada, iyon ay katumbas ng higit sa kalahating milyong tao.<sup>4</sup>

Ipinakita ng mga pag-aaral na ang mahigpit na batas sa pagkilala ng botante ay nagpapababa ng turnout sa mga komunidad na hindi nabibigyan ng sapat na serbisyo at mga komunidad na iba ang kulay, na nagpapahirap sa kanilang mga boses na marinig sa balota.<sup>5</sup>

Ang mga batas sa ID ng botante ay isang pag aaksaya din ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Ang Indiana, halimbawa, ay gumastos ng higit sa 10 milyon upang makabuo ng mga libreng ID Kard sa pagitan ng 2007 at 2010.<sup>6</sup>

Ang tanong 7 ay pananatilihin ang mga karapat dapat na mga taga-Nevada mula sa pagboto, at hindi mapapahusay ang integridad ng halalan. Bumoto ng hindi sa mga batas na nagpapababa ng pakikilahok sa demokrasya, tulad ng Tanong 7.

Ang paghingi ng photo ID ay walang epekto sa kapaligiran.

<sup>1</sup>Justin Levitt, “A Comprehensive Investigation of Voter Impersonation Finds 31 Credible Incidents Out of One Billion Ballots Cast,” Washington Post, August 6, 2014, <https://www.washingtonpost.com/news/wonk/wp/2014/08/06/a-comprehensive-investigation-of-voter-impersonation-finds-31-credibleincidents-out-of-one-billion-ballots-cast/>.

<sup>2</sup>Brennan Center for Justice, January 31, 2017, <https://www.brennancenter.org/our-work/research-reports/debunking-voter-fraud-myth>

<sup>3</sup>“Who Lacks ID in America Today? An Exploration of Voter ID Access, Barriers, and Knowledge,” Analyses Led by the Center for Democracy and Civic Engagement at the University of Maryland, <https://cdce.umd.edu/sites/cdce.umd.edu/files/pubs/Voter%20ID%20survey%20Key%20Results%20June%202024.pdf>

<sup>4</sup><https://www.federalregister.gov/documents/2023/03/31/2023-06717/estimates-of-the-voting-age-population-for-2022>

<sup>5</sup>“Voter ID Laws: What Do We Know So Far?” Berkeley Public Policy, Goldman School Working Paper, March 19, 2023, <https://gspp.berkeley.edu/research-and-impact/policy-initiatives/democracy-policy-initiative/policy-briefs/voter-id-laws-what-do-we-know-so-far>; “Who Do Voter ID Laws Keep from Voting?,” Bernard L. Fraga and Michael G. Miller, The Journal of Politics, Vol. 84, No. 2, April 2022.

<sup>6</sup>ACLU Fact Sheet On Voter ID Laws, August 2021, [https://assets.aclu.org/live/uploads/document/aclu\\_voter\\_id\\_fact\\_sheet\\_-\\_final\\_1\\_.pdf](https://assets.aclu.org/live/uploads/document/aclu_voter_id_fact_sheet_-_final_1_.pdf)

*Ang nabanggit sa itaas na argumento ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang tutol sa tanong na ito ayon sa isinaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Jennifer Fleischmann Willoughby (Tagapangulo), Daniel Bravo, at Jessica Rodriguez. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa [www.nvsos.gov](http://www.nvsos.gov).*

## **SAGOT SA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS**

Sinasabi ng mga kalaban na “ang pagpapanggap ng ibang tao sa mga botohan ay hindi kailanman nangyari.” Pero kung walang mayroong larawang ID na kailangan, paano sila makakasiguro?

Upang subukang suportahan ang kanilang argumento, ang mga kalaban ay nagbabanggit ng isang haligi ng opinyon mula sa Washington, DC, mula sa higit sa sampung taon na ang nakalilipas. Ito ay bago pa man magpatupad ng mga bagong batas sa halalan ang Nevada noong 2021.

Sinasabi rin ng mga kalaban na “21% ng lahat ng mga Amerikano na mayroong edad na bumoto ay walang wastong lisensya sa pagmamaneho.” Gayunpaman, ang parehong pag aaral ay nagpapakita na 1% lamang ang kulang sa ilang iba pang katanggap tanggap na mayroong larawang ID. Ang Lehiatura ay maaaring makahanap ng paraan upang matulungan ang mga botante na ito, tulad ng ginawa ng 36 na iba pang mga estado.

Sinasabi ng mga kalaban na ang mga batas sa ID ng botante ay “nagbabawas ng turnout” sa mga minorya. Ngunit ang parehong pag aaral ay nagsasabi rin na “ang pananaliksik ay magkahalo kung ang mga batas ng ID ay talagang nagbabawas ng turnout.”

Isang katulad na pahayag ang ginawa laban sa batas ng larawan sa ID ng Georgia noong 2021. Gayunpaman, iniulat ng Kalihim ng Estado ng Georgia na ang turnout sa 2022 na pangkalahatang halalan ay nagtakda ng mga bagong rekord matapos ipatupad ang batas.<sup>7</sup>

Ang pinakapunto nito ay: Ang pag-hingi ng mayroong larawang ID ay hindi magpapahirap sa pagboto. Mas mahihirapan itong mandaya. Bumoto ng 00 sa Tanong 7.

<sup>7</sup><https://sos.ga.gov/news/record-breaking-turnout-georgias-runoff-election>

*Ang nasabing pagtutol sa itaas ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa isinaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: David Gibbs (Tagapangulo), Chuck Muth, at David O’Mara. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa [www.nvsos.gov](http://www.nvsos.gov).*

## **PISKAL NA TALA**

### **EPEKTO SA PANANALAPI – 00**

#### KABUJAN

Ang Petisyon sa Konstitusyonal na Inisyatibo sa Buong Estado – Pagkakakilanlan: C-02-2023 (Inisyatiba) ay nagmumungkahi na amyendahin ang Artikulo 2 ng *Konstitusyon ng Nevada* sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong Seksyon 1B at 1C, tulad ng sumusunod:

- Ang Seksyon 1B ay mag-aatas ng pagtatanghal ng isang tinukoy na anyo ng pagkakakilanlan upang bumoto nang personal sa isang halalan sa Nevada, alinman sa pamamagitan ng maagang pagboto o sa araw ng halalan.
- Ang Seksyon 1C, ay mag-aatas sa mga botante na nagsumite ng koreong balota na magbigay ng ilang partikular na impormasyon para mapatunayan ang pagkakakilanlan ng botante na iyon.

## EPEKTO SA PANANALAPI NG INISYATIBA

Alinsunod sa Artikulo 19, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng Nevada, ang isang inisyatibo na nagmumungkahi na amyendahan ang *Konstitusyon ng Nevada* ay dapat na inaprubahan ng mga botante sa dalawang magkasunod na pangkalahatang halalan upang maging isang bahagi ng Konstitusyon. Kung ang inisyatibo na ito ay inaprubahan ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2024 at Nobyembre 2026, ang mga probisyon ng Inisyatibo ay magiging epektibo sa ikaapat na Martes ng Nobyembre 2026 (Nobyembre 24, 2026), kapag ang mga boto ay nacanvas ng Korte Suprema alinsunod sa NRS 293.395.

Ang mga probisyon ng Inisyatibo ay inaasahan na magkaroon ng epektong pinansyal sa Estado at lokal na pamahalaan na mayroong kaugnayan sa mga pamamaraan at sistema na ginagamit sa panahon ng proseso ng halalan. Ipinahiwatig ng Tanggpan ng Kalihim ng Estado na ang mga probisyon na ito ay nagaatas ng mga pagbabago sa mga proseso at sistema na mayroong kaugnayan sa pag check in ng mga botante sa lokasyon ng botohan at pag pagpapatunay ng mga balota sa koreo, pati na rin ang pagtiyak na ang sistema ng pagpaparehistro ng botante sa buong estado ay binago upang matiyak na ang lahat ng datos na kinakailangan upang ipatupad ang mga probisyon ng inisyatibo ay makukuha.

Batay sa impormasyong ibinigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado , ang tinatayang gastos upang gawin ang mga pagbabagong ito sa mga sistema ng botante sa Nevada ay humigit kumulang na \$6,750, at ang mga pagbabagong ito ay kailangang gawin sa oras para sa mga halalan na gaganapin sa taong 2028.

Ang mga probisyon ng Inisyatibo ay karagdagang nagpapahintulot sa Lehislatura na matukoy ang mga karagdagang anyo ng wastong pagkakakilanlan na maaaring magamit upang mapatunayan ang pagkakakilanlan para sa pagboto, bukod sa mga nakasaad na sa inisyatibo, na ipinapalagay ng Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi na kailangang likhain ng Lehislatura para sa mga taong wala o hindi maaaring makakuha ng isa pang anyo ng pinapayagang pagkakakilanlan.

Ang Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi ay karagdagang ipinapalagay na ang kahaliling anyo ng pagkakakilanlan ng botante na ito ay ibibigay sa botante nang walang bayad, na nangangahulugang ang gastos para sa mga dokumentong ito ng pagkakakilanlan ay lubos na pasanin ng Estado o ng isa o higit pang mga lokal na pamahalaan. Gayunpaman, ang Inisyatibo ay hindi tumutukoy sa anyo na kung saan ang mga alternatibong dokumento ng pagkakakilanlan na ito ay dapat gawin, ni hindi ito tumutukoy kung aling ahensya o mga ahensya (alinman sa estado o lokal na antas) ay kinakailangang magbigay ng mga dokumentong ito. Dagdag pa,hindi matukoy kung ilang rehistradong botante ang hindi magkakaroon ng isa sa mga tinutukoy na dokumento na katanggap-tanggap para mag bigay patunay sa pagkakakilanlan para sa personal na pagboto, na kakailanganing mabigyan ng isa sa mga alternatibong dokumentong ito.

Kaya't, ang pinansyal na epekto sa Estado o lokal na pamahalaan na mayroong kaugnayan sa pag isyu ng alternatibong dokumento ng pagkakakilanlan sa mga botante na mangangailangan ng naturang dokumento upang bumoto nang personal ay hindi maaaring matukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

Inihanda ng Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi ng Kawanihan ng Payo ng – Hulyo 29, 2024